



PETSA: Hunyo 22, 2021
PARA SA: Alkalde at Mga Miyembro ng Konseho ng Lungsod
MULA KAY: Veronica A.F. Nebb, Abogado ng Lungsod
Dawn G. Abrahamson, Clerk ng Lungsod
PAKSA: **PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKATANGGAP NG SALOOBIN MULA SA KOMUNIDAD TUNGKOL SA MULING PAGGAWA NG MGA HANGGANAN NG MGA DISTRITO PARA SA HALALAN - MAGSISIMULA ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO SA GANAP NA 8:00 P.M.**

REKOMENDASYON

Inirerekomendang ang Konseho ng Lungsod ay: 1) tumanggap ng ulat mula sa mga kawani at eksperto sa demograpiko tungkol sa proseso ng pag-aayos ng mga distrito at mga pinapahintulutang pamantayan na isasaalang-alang para sa muling paggawa ng mga hangganan ng mga distrito; at 2) magsagawa ng pampublikong pagdinig para makatanggap ng saloobin mula sa publiko tungkol sa mga hangganan ng mga distrito.

MGA DAHILAN PARA SA REKOMENDASYON

Kada sampung taon, dapat gamitin ng mga lungsod na gumagamit ng mga sistema ng halalan na nakabatay sa distrito ang datos ng bagong senso para suriin at, kung kailangan, ayusin ang mga linya ng mga distrito para katawanin kung paano nagbago ang mga lokal na populasyon. Tinitiyak ng prosesong ito, na tinatawag na pag-aayos ng distrito, na halos magkakapantay ang populasyon ng lahat ng distrito. Dapat matapos ang proseso ng pag-aayos ng distrito para sa Lungsod ng Vallejo bago lumipas ang Abril 17, 2022.

KASAYSAYAN AT TALAKAYAN

Ipinatupad ng Lungsod ang mga kasalukuyan nitong hangganan ng mga distrito noong Hulyo 23, 2019, batay sa data ng senso noong 2010, ayon sa iniaatas ng batas. Ngayon, dapat ayusing muli ang mga distrito gamit ang data ng senso noong 2020 at alinsunod sa FAIR MAPS Act, na ipinatupad ng lehislatura ng California bilang AB 849 at nagkabisa noong Enero 1, 2020.

Sa ilalim ng Batas, dapat gawin at ayusin ng konseho ang mga hangganan gamit ang mga sumusunod na pamantayan nang may pagsasaprioridad ayon sa nakalistang pagkakasunod-sunod (Elections Code 21601 (c), para sa mga lungsod na nasasailalim sa pangkalahatang batas/21621(c) para sa mga charter na lungsod):

1. Sumusunod sa mga pederal na kinakailangan sa pantay na populasyon at ng Voting Rights Act
2. Magkakalapit ayon sa heograpiya
3. Hindi nahahati ang mga kapitbahayan at “mga komunidad na may magkakaparehong interes” (mga heograpikong lugar na dapat panatilihing magkakasama ayon sa sosyo-ekonomikong aspeto)
4. Madaling tukuyin ang mga hangganan
5. Buo (huwag lumaktaw sa isang pangkat ng mga tao para maabot ang mas malayong pangkat ng mga tao)
6. Hindi dapat nagbibigay ng bentahe o pagkalugi sa partikular na partido sa pulitika

Kapag natugunan na ang mga isinasaprioridad na pamantayan, maaari nang isaalang-alang ang iba pang tradisyonal na prinsipyo sa pag-aayos ng distrito, gaya ng:

1. Bawasan ang bilang ng botante na mahuhuling bumoto mula 2022 hanggang 2024
2. Igalang ang mga opsyon ng mga botante/pagpapatuloy ng panunungkulan

Paksa: PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKATANGGAP NG SALOOBIN MULA SA KOMUNIDAD TUNGKOL SA MULING PAGGAWA NG MGA HANGGANAN NG MGA DISTRITO PARA SA HALALAN - MAGSISIMULA ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO SA GANAP NA 8:00 P.M. Pahina 2

3. Paglaki ng populasyon sa hinaharap

Ayon sa batas, dapat magsagawa ang Lungsod ng hindi bababa sa apat na pampublikong pagdinig na magbibigay-daan para makapagbigay ng saloobin ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa paggawa ng mga mapa ng mga distrito:

Dapat magsagawa ng kahit isang pagdinig man lang bago gumawa ng mga planong mapa ang lungsod o konseho Dapat magsagawa ng kahit dalawang pagdinig man lang pagkatapos gumawa ng mga planong mapa

Maaaring isagawa ang ikaapat na pagdinig bago o pagkatapos magawa ang mga planong mapa

Maaaring magsagawa ng workshop ang mga kawani o consultant ng lungsod o county sa halip na isagawa ang isa sa mga kinakailangang pampublikong pagdinig para sa pag-aayos ng distrito

Layunin ng pampublikong pagdinig na ito na bigyan ng impormasyon ang publiko tungkol sa proseso ng pag-aayos ng distrito at makuha ang saloobin ng komunidad tungkol sa kung aling mga salik ang dapat isaalang-alang sa paggawa ng mga hangganan ng mga distrito. Hinihiling sa publiko na magbigay ng saloobin tungkol sa mga komunidad na may magkakaparehong interes at iba pang lokal na salik na dapat isaalang-alang habang ginagawan ng plano ang mga mapa ng mga distrito. Ang komunidad na may magkakaparehong interes sa ilalim ng naaangkop na Elections Code para sa mga lungsod (Seksyon 21601(c)/21621(c)) ay isang “populasyong may magkakaparehong interes sa lipunan o ekonomiya na dapat pagsama-samahin sa iisang distrito para sa layunin ng epektibo at patas na pagkatawan dito.”

Kabilang sa mga posibleng katangian na tumutukoy sa komunidad na may magkakaparehong interes ang mga sumusunod, pero hindi iyon limitado sa mga ito:

Mga lugar na nauugnay sa pagpasok sa paaralan;

Mga likas na linya ng hangganan gaya ng mga pangunahing kalsada, burol, o highway; Mga lugar sa paligid ng mga parke at iba pang mahalagang lugar sa kapitbahayan;

Mga karaniwang isyu, aktibidad sa kapitbahayan, o alalahanin sa batas/halalan; at

Mga magkakaparehong katangiang demograpiko, gaya ng:

-Magkakatulad na antas ng kita, edukasyon, o pagkakabukod dahil sa wika; -Mga wikang ginagamit sa tahanan; at

-Mga lugar ng pabahay para sa mga yunit na pang-isang pamilya o pangmaramihang pamilya

Hinihikayat ang publiko na magbigay ng saloobin sa pamamagitan ng e-mail sa mapvallejo@cityofvallejo.net o kumuha ng higit pang impormasyon sa website ng Lungsod sa www.mapvallejo.org. Puwede ring magpadala ng nakasulat na saloobin sa Clerk ng Lungsod sa Munisipyo, 555 Santa Clara Street, Vallejo, CA, 94590.

Timeline ng Pag-aayos ng Distrito:

Nakasaad sa chart sa ibaba ang iskedyul ng pampublikong pagdinig para sa proseso ng pag-aayos ng distrito. Bukod pa rito, mag-iiskedyul ng mga workshop sa bawat isa sa mga distrito ng Konseho. Magbibigay ng serbisyo ng tagasalin sa Spanish/Tagalog sa apat na pampublikong pagdinig at sa mga workshop na isasagawa sa bawat distrito ng konseho. Maaaring humiling ng karagdagang serbisyo ng tagasalin ng wika sa dawn.abrahamson@cityofvallejonet.

**Paksa: PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKATANGGAP NG SALOOBIN MULA SA KOMUNIDAD TUNGKOL SA MULING PAGGAWA NG MGA HANGGANAN NG MGA DISTRITO PARA SA HALALAN - MAGSISIMULA ANG PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO SA GANAP NA 8:00 P.M.
Pahina 3**

Petsa/Oras	Lokasyon	Mga Detalye
Hunyo 22, 2021 @ 8 p.m.	Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, Munisipyo	Pampublikong Pagdinig (Bago ang Paggawa ng Mapa) #1
Hulyo 27, 2021 @ 8 p.m.	Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, Munisipyo	Pampublikong Pagdinig (Bago ang Paggawa ng Mapa) #2
Enero 8, 2022 @ 8 p.m.	Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, Munisipyo	Pampublikong Pagdinig (Pagdinig para sa Plano ng Mapa) #3
Pebrero 8, 2022 @ 8 p.m.	Tanggapan ng Konseho ng Lungsod, Munisipyo	Pampublikong Pagdinig (Pagdinig para sa Plano ng Mapa) #4. Pipiliin ang gustong mapa sa pagdinig na ito.

Mga Sunod na Hakbang

Sa Hulyo 22, 2021, isasagawa ng Konseho ng Lungsod ang Pampublikong Pagdinig #2 para humingi ng karagdagang saloobin ng publiko tungkol sa mga komunidad na may magkakaparehong interes at nilalaman ng mga mapa, at para suriin ang mga mayroong pampublikong kagamitan sa pagmamapa. Pagkatapos ng pagdinig na iyon, puwede nang magsimulang gumawa ng mga planog mapa ang publiko gamit ang mga pampublikong kagamitan sa pagmamapa na ipo-post sa website ng Lungsod at makukuha sa Munisipyo. Para makatulong sa paggawa ng mga mapa, magbibigay ang eksperto sa demograpiya ng Lungsod ng mga tinatanyang bilang ng populasyon hanggang sa ilabas ng estado ang huling bilang ng populasyon kasama ang mga bilango, na inaasahang magaganap sa Oktubre. Makikipagtulungan ang mga kawani sa bawat miyembro ng konseho para humingi ng feedback at mag-iskedyul ng mga workshop sa bawat isa sa kasalukuyang 6 na Distrito, na idaragdag sa timeline na ia-update sa website ng Lungsod sa www.mapvallejo.org.

PISKAL NA EPEKTO

Walang piskal na epektong nauugnay sa pagsasagawa ng Unang Pagdinig na ito.

PAGSUSURI PARA SA KAPALIGIRAN

Exempt ang pagkilos na ito sa California Environmental Quality Act (CEQA) dahil hindi ito isang proyektong may potensyal na magdulot ng direktang pisikal na pagbabago sa kapaligiran, o ng makatuwirang maaasahang hindi direktang pisikal na pagbabago sa kapaligiran, alinsunod sa seksyon 15378 ng Patnubay ng CEQA.

MGA KALAKIP

1.	00161644_Final Selection Map 616
----	----------------------------------

PAKIKIPAG-UGNAYAN

Veronica A.F. Nebb, Abogado ng Lungsod (707) 648-4545
Veronica.Nebb@cityofvallejo.net
 Dawn G. Abrahamson, Clerk ng Lungsod (707) 648-4527

Petsa: Hunyo 22, 2021

**Paksa: PAMPUBLIKONG PAGDINIG PARA MAKATANGGAP NG SALOOBIN MULA SA KOMUNIDAD TUNGKOL SA
MULING PAGGAWA NG MGA HANGGANAN NG MGA DISTRITO PARA SA HALALAN - MAGSISIMULA ANG
PAMPUBLIKONG PAGDINIG NA ITO
SA GANAP NA 8:00 P.M.
Pahina 4**

Dawn.Abrahamson@cityofvallejo.net